

# Ano ang Dapat Malaman ng May-ari ng Alagang Hayop tungkol sa Monkeypox?

## 1. Ano ang monkeypox?

Ang monkeypox ay isang bihirang viral na sakit na sanhi ng monkeypox virus. Ang virus ay zoonotic (naipapasa mula sa hayop papunta sa tao) at maaaring kumalat sa pagitan ng mga tao at hayop, pati na rin hayop sa hayop. Sa mga tao, ang monkeypox ay nagsasanhi ng lagnat, sakit ng ulo, sakit ng likod, at namamagang lymph nodes, kasunod ay isang mala-paltos na pantal. Batay sa limitadong impormasyon na makukuha sa oras na ito, lumalabas na ang panganib sa publiko ay mababa. Ang mga taong maaaring may mga sintomas ng monkeypox, tulad ng pangkaraniwang mga pantal o sugat, ay maaaring kontakin ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) para sa isang pagtatasa ng panganib (risk assessment).



## 2. Paano naikakalat ang monkeypox?

Ang monkeypox ay naikakalat sa pamamagitan ng direkta at hindi direktang kontak sa isang nahawahang tao, hayop o materyales na kontaminado ng virus. Maaaring makapasok ang virus sa katawan sa pamamagitan ng mata, ilong, bibig, sugat, o daanan ng palahingahan. Kumakalat ang virus sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng mga maliliit na patak ng palahingahan (tulad ng tumagal na harapang kontak), direktang kontak sa mga likido ng katawan o paltos sa balat at hindi direktang kontak sa mga kontaminadong materyales (kasuotan, linen). Kayang kumalat ng virus mula sa mga hayop papunta sa mga tao sa pamamagitan ng kagat o gasgas, pagkain ng tisyu ng nahawahang hayop, direktang kontak sa mga likido ng katawan o paltos sa balat at hindi direktang kontak sa mga kontaminadong materyales tulad ng kumot.

## 3. Maaari bang magkaroon ng monkeypox ang iyong alagang hayop?

Ang mga unggoy at bakulaw, isang uri ng rodentia (kabilang ang mga daga, mga bubwit na daga, iskwirel, at mga aso ng parang o "prairie dogs") at kuneho ay kilala na madaling tablan ng impeksyon. Ang kumpletong hanay ng uri ng hayop na maaaring mahawahan ng monkeypox virus ay hindi pa napag-aalaman; ang ibang mababangis at alagang hayop (tulad ng mga aso at pusa) ay maaaring madaling tablan. Dagdag pa dyan, kakailanganin ng iyong alagang hayop na malantad sa isang tao o hayop na may monkeypox upang makuha ang sakit.

## 4. Ano ang mga sintomas na babantayan sa mga alagang hayop?

Ang mga sintomas ng monkeypox ay nag-iiba-iba sa pagitan ng mga uri (species). Maaaring kabilang sa mga sintomas ang panghihina, nabawasang gana sa pagkain, lagnat, ubo, panlalabo ng mata, pamamaga sa harapan at likurang biyas dahil sa lumaking lymph nodes, at isang maumbok o mala-paltos na pantal.

## 5. Ano ang gagawin kung nalantad ang iyong alagang hayop sa monkeypox?

Kung ang iyong alagang hayop ay potensyal na nalantad sa monkeypox, ngunit hindi nagpapakita ng mga sintomas ng sakit, maaaring kailanganin itong masubaybayan para sa mga palatandaan ng sakit. Kung pinagsususpetsahan niyo na ang inyong alagang hayop ay nalantad sa isang tao o hayop na may monkeypox, kontakin ang Beterinaryong Pampublikong Kalusugan (Veterinary Public Health) para talakayin ang mga hakbang sa panganib at kaligtasan.

### Mahahalagang Mensahe:

Ang monkeypox ay isang zoonotic (naipapasa mula sa hayop papunta sa tao) na sakit na maaaring kumalat sa pagitan ng mga tao at hayop.

Sa oras na ito, ang panganib sa publiko at mga hayop ay mababa.

Kung ang iyong alagang hayop ay nalantad sa isang tao o hayop na may monkeypox, kontakin ang Beterinaryong Pampublikong Kalusugan (Veterinary Public Health) sa 213-288-7060 o [vet@ph.lacounty.gov](mailto:vet@ph.lacounty.gov).

## Ano ang Dapat Malaman ng May-ari ng Alagang Hayop tungkol sa Monkeypox?

### 6. Ano ang gagawin kung sa tingin mo ang iyong alagang hayop ay may monkeypox?

Ang panganib sa mga hayop ay mababa sa oras na ito. Gayunpaman, kung nalantad ang iyong alagang hayop sa isang may sakit na hayop o tao at nagpapakita ng mga sintomas ng monkeypox, mangyaring sundin ang mga tagubilang ito:

#### **GAWIN:**

- Kontakin ang Beterinaryong Pamublikong Kalusugan (213-288-7060; [vet@ph.lacounty.gov](mailto:vet@ph.lacounty.gov)).
- Ihiwalay agad ang hayop mula sa tao at iba pang mga hayop (ibukod sa isang hiwalay na silid).
- Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig at/o isang naglalaman ng alkohol na sanitizer sa kamay pagkatapos ng kontak sa hayop at anumang bagay na maaaring kontaminado ng virus.
- Linisin at disimpektahin ang anumang ibabaw o kumot pagkatapos ng kontak o paggamit. Karamihan ng mga pandisimpekta sa bahay (hal., bleach) ay epektibo laban sa monkeypox.
- Kontakin ang iyong beteryaryo para talakayin ang mga sintomas ng iyong alagang hayop kung nararamdaman niyo na may sakit ang inyong alagang hayop at nangangailangan ng pangangalaga.

#### **HUWAG GAWIN**

- **Huwag** dalhin ang iyong alagang hayop sa hospital nang hindi muna tumatawag para talakayin ang pinagsususpetsahang monkeypox
- **Huwag** iwanan ang iyong alagang hayop sa isang kanlugaan ng hayop (animal shelter). **Huwag** pakawalan ang iyong alagang hayop sa kagubatan. Kung ito ay mahahawahan, maaari nitong maikalat ang sakit sa iba pang mga hayop at tao. Napakahalaga na ang sakit na ito ay mapigilan.

#### **Mga karagdagang mapagkukunan:**

Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention/CDC). Monkeypox, Pangkalahatan <https://www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox/index.html>

Sentro para sa Seguridad ng Pagkain at Pamublikong Kalusugan (Center for Food Security and Public Health), Mga Kadalasang Katanungan sa Monkeypox <https://www.cfsph.iastate.edu/Factsheets/pdfs/monkeypox.pdf>